

Filipino



Paunawa sa mga bagong magulang at tagapag-alaga

Mabuhay!

Kami po ang inyong Trumpington Federation PTA, ang Samahan ng mga Magulang at Guro.

Pinagsama namin ang dalawang paaralan para handugan kayo ng makabuluhang pagtitipon para sa kasiyahan ninyo at ng mga bata.

Ang aming gawain ay kawanggawa. Nakalikom kami ng pera sa pamamagitan ng mga pagdiriwang at pagtitipon na inaayos at pinangangasiwaan namin sa loob ng isang taon.

Ang pera na aming nalikom noong nakaraang taon ay nakabili ng mga kagamitan sa palaruan ng mga bata at kamera sa bawat silid aralan. Palaging mayroong pangangailangan ang mga paaralan na maaaring mapondohan sa pamamagitan ng ating pagtutulongan. Pumunta lang sa pagtitipon, makisaya o kaya tumulong ng kusang-loob.

Kami ay masayahin at palakaibigan. Lahat ay malugod naming tinatanggap kahit anuman ang pinanggalingang pamayanan.

Malugod namin kayong inaanyayahan na sumali at maging kaibigan. Tayo ay magtutulongan para sa tagumpay ng ating pagtitipon.

Ang inyong tagapamahala ng PTA

Email: trumpingtonfederation@hotmail.co.uk

Facebook: Trumpington Feders